

## Paid Sick and Safe Time Ordinance

Inaatas ng Ordinansa sa Bayad na Oras para sa Sakit at Kaligtasan (Paid Sick and Safe Time Ordinance, PSST) ng Seattle sa mga employer na magkaloob ng bayad na oras para sa sakit at kaligtasan sa mga empleyado. Magagamit ang PSST para sa pagliban ng empleyado mula sa trabaho dahil sa sakit, mga medikal na appointment, o kritikal na isyu sa kaligtasan.

### DAPAT MAGBIGAY ANG MGA EMPLOYER SA MGA EMPLEYADO NG PAID SICK AND SAFE TIME

#### Maaaring gamitin ng mga empleyado ang naipon na PSST:

Para pangangalagaan ang kanilang sarili o kapamilya dahil sa isang kondisyon sa pisikal na kalusugan o kalusugan ng pag-iisip, kabilang ang appointment sa doktor.

Para pangalagaan ang kanilang sarili, kapamilya o kakuwarta para sa mga dahilang kaugnay ng pananakit sa tahanan, seksuwal na pag-atake, o lihim na pagsusubaybay (stalking).

Kapag sinara ang paaralan o lugar ng pangangalaga ng kapamilya.

Kapag sinara sa pamamagitan ng utos ng pampublikong opisyal ang kanilang pinagtatrabahuhan para sa mga dahilang pangkalusugan.

Para sa mga employer ng mga negosyong may higit sa 250 na katumbas ng full-time (full-time equivalent, FTE), kapag ang kanilang lugar ng trabaho ay sinara para sa mga dahilang pangkalusugan o pangkaligtasan.

### MGA RATE NG PSST

PAG-IPON NG PSST AYON SA DAMI NG ORAS NA NAGTRABAHO PAGLIPAT SA SUSUNOD NA TAON NG HINDI NAGAMIT NA PSST (KADA TAON).

	Antas 1	Antas 2	Antas 3
<b>Mga FTE sa Buong Mundo</b>	1 empleyado at hanggang sa 49 na FTE	50-249 na FTE	250 o higit pang FTE
<b>Pag-ipon ng PSST ayon sa Dami ng Oras na Nagtrabaho</b>	1 oras kada 40 oras	1 oras kada 40 oras	1 oras kada 30 oras
<b>Paglipat sa Susunod na Taon ng Hindi Nagamit na PSST kada Taon</b>	40 oras	56 na oras	72 oras *108 oras para sa mga employer na may PTO

#### SINO ANG SAKOP?

Sakop ng aming mga ordinansa ang mga empleyadong nagtatrabaho sa loob ng mga hangganan ng lungsod ng Seattle, anuman ang kanilang katayuan sa imigrasyon o lokasyon ng kanilang employer.

Kung hindi kwalipikado ang iyong sitwasyon para maimbestigahan namin, ire-refer ka namin sa ibang ahensya para sa tulong.

#### PAGGANTI

Hindi maaaring gumanti ang isang employer laban sa isang empleyado dahil sa:

- Paggamit ng kanilang mga karapatan sa ilalim ng mga batas na ito.
- Paghain ng reklamo sa OLS.
- Pagsabi sa iba tungkol sa kanilang mga karapatan.

#### ANG AMING MGA SERBISYO

- Imbestigasyon ng mga reklamo.
- Pakikipag-ugnayan sa mga manggagawa.
- Teknikal na tulong para sa negosyo.
- Mga sanggunian at referral.

Mayroon kaming pasalita at pasulat na pagsasalin at tulong sa wika. Libre ang lahat ng mga serbisyo.



#### OFFICE OF LABOR STANDARDS (TANGGAPAN NG MGA PAMANTAYAN SA PAGGAWA)

Ang misyon ng OLS ay isulong ang mga pamantayan sa paggawa sa pamamagitan ng mapagmalasakit na pakikibahagi ng komunidad at negosyo, estratehikong pagpapatupad at malikhaing pagpapaunlad ng polisiya, nang may pagtuon sa katarungang panlahi at panlipunan.

#### KARAGDAGANG IMPORMASYON (206) 256-5297

laborstandards@seattle.gov  
seattle.gov/laborstandards

**Mga Oras:** 8 am–5 pm (Lunes–Biyernes)  
810 Third Ave, Suite 375, Seattle, WA 98104